AKSIDENTE/NAKAWAN・SUNOG/SAKLOLO 2-a

●Pulis:Tawagan ang 110 kung may emergency

☐ Kung may aksidente sa daan, nakawan at iba pang sakuna, tawagan ang pulis sa numero 110.
☐ Kung kayo ay tatawag sa pampublikong telepono, hindi na kailangang gumamit ng barya o card.
☐ Dito sa Japan, may police box kung saan permanenteng nakadetalye ang pulis. Puwede kayong humingi ng tulong sa nawawalang bagay, direksiyon sa pupuntahang lugar at iba pa. Kung walang pulis sa police box, maaaring tawagan ang Sasayama Police Department (☎079-552-0110).
☐ Siguraduhing tawagan ang pulis kung sakaling may aksidente o sakuna sa daan.
☐ Kung kayo ay nasangkot sa aksidente sa daan, isulat ang mga sumusunod na impormasyon ukol sa biktima o may kasalanan:
・pangalan, tirahan at taong tatawagan
・numero ng plaka ng sasakyan
・insurance company at detalye ng insurance plan

Mga Kinakailangan para sa Traffic Accident Insurance

Pagkatapos tawagan ang pulis, tawagan ninyo ang insurance company.
Kinakailangan ang katibayan ng aksidente upang makasingil ng insurance kung kaya't siguraduhin ninyong kumuha ng application form mula sa pulis at gawin ang nararapat.

● Bumbero:Tawagan ang 119 kung may emergency

☐ Kung may sunog, nasugatan, biglang inatake ng sakit, at iba pang sakuna, tawagan ang bumbero sa numero 119.
☐ Kung may sunog, sumigaw ng「kajida」at humingi ng saklolo sa inyong kapitbahay.
☐ Bigyan ng signal ang ambulansiya o bumbero kung malapit silang dumating sa inyong lugar.
☐ Walang bayad sa paggamit ng ambulansiya subalit babayaran ninyo ang pagpapatingin sa ospital . Huwag kalimutang magdala ng pera at ang inyong health insurance card.
☐ Sa ambulansiya, mayroong listahan (nakasalin ito sa 17 na salitang banyaga kagaya ng Ingles, Chinese, Tagalog, Portuguese at iba pa) na kailangang i-fill -up ninyo o kaya ng attendant.
☐ Kung ang ospital ay nakasara sa gabi o holiday, maaari kayong tumawag sa Sasayama City fire department head office (☎079-594-1119) at kayo ay ipapakilala sa isang pagamutan.

＊Ang『Mag Importanteng Numero ng Telepono』ay ipaskil natin sa tabi ng telepono o kaya sa isang lugar na madaling mapansin!

Sa Japan, maraming gusaling yari sa kahoy kaya mag-ingat tayo upang maiwasan ang sunog.

Mag-ensayo tayo hanggang sa kaya nating sabihin sa Nihongo ang ating pangalan, tirahan, telepono, palatandaan papunta sa ating bahay, at iba pang impormasyon.

BAGYO/ LINDOL 2-b

●Bagyo

☐ Ang bagyo ay nagiging sanhi ng malaking kapinsalaan dahilan sa malakas na hangin at ulan. Ang panahon ng bago ay mula Hulyo hanggang Oktobre.

☐ Kung parating ang bagyo, subaybayan ninyo ang kalagayan ng panahon sa radyo o telebisyon.

☐ Iayos ninyo nang maigi o ipasok sa loob ng bahay ang mga gamit na nasa hardin o beranda (kagaya ng basurahan, plorera at iba pa) upang hindi matangay ng hangin.

☐ Ayon sa Meteorological Agency, ang hangin na may bilis na 10 hanggang 15 metro kada segundo ay nakakatangay ng karatula o bakal na bubungan kung hindi nakakabit nang maigi. Ang mga ito ay nakakabasag ng bintana o salamin at maaaring makasugat sa inyong pamilya o ibang taong nagdaraan.

☐ Mas mabuting manatili sa loob ng bahay at mapanganib ang malakas na bagyo.

☐ Kung minsan ay nawawalan ng koryente dahil sa bagyo. Mas maiging maghanda palagi ng kandila o flashlight.

.

＊Kapag lumabas ang babala ukol sa bagyo, maaaring magsara ang mga paaralan at ang mga mamamayan ay sasabihang manatili sa kani-kanilang tirahan.

●Lindol

☐ Madalas magkaroon ng lindol sa Japan. Kahit dito sa Sasayama, may posibilidad na biglaang magkaroon ng malaking lindol. Siguraduhing hindi babagsak ang mga muwebles gaya ng aparador at iwasang maglagay ng mga gamit sa matataas na lugar dahil delikado kapag nahulog ang mga ito.

☐Kung may lindol, patayin ang apoy at isara ang heater at de-gaas na kagamitan; isara rin ang main switch ng gas.

☐Kung malakas ang lindol, magtago sa ilalim ng mesa at protektahan ng unan ang inyong ulo.

☐Siguraduhing kayo ay makakalabas kaya buksan ang mga bintana at pintuan.

☐Kung ang sitwasyon ay mapanganib, pumunta kayo sa emergency shelter.

☐Kung may lindol, ang mga muwebles at salamin ay maaaring makasugat. Maging handa palagi kung mangyari ito.

☐Mahalaga na kayo ay manatiling kalmante at subaybayan ninyo ang impormasyon sa radyo at mula sa city office.

＜Ang lindol ay nagiging dahilan ng mga sumusunod na kapinsalaan＞

Pagguho ng lupa, pagbagsak ng gusali,
Pagkasara ng kalsada

Pagakaputol ng tubig, koryente, komunikasyon, trapiko, at iba pang mga kailangan sa pamumuhay.

ınog.

Pinsala sa mga tao dahilan sa pagbagsak ng muwebles o gusali.

Pagkalat ng sunog.

＜Mga Hakbang Upang Maging Ligtas sa Loob ng Bahay＞

Hangga't maaari, iwasang maglagay ng muwebles sa kuwarto ng mga bata at matatanda.

Palaging ihanda ang fire extinguisher at kabisaduhin ang paraan ng paggamit nito.

Ikabit nang maigi ang mga muwebles sa dingding o poste upang hindi sila matumba.

Iayos nang mabuti ang mga kagamitang nasa tabi ng pintuan.

Iwasang maglagay ng mga bagay sa ibabaw ng aparador.

Iayos nang maigi ang mga ilawan.

●Baha

☐ Sa panahon ng tag-ulan (Hunyo) at bagyo (mula Hulyo hanggang Oktobre), ang malakas na ulan ay nagdudulot ng malaking kapinsalaan.

☐ Pagkatapos ng ulan o bagyo, subaybayan ninyo ang kalagayan ng panahon sa radyo o telebisyon.

☐ Nagiging mabilis ang pagtaas ng ilog kung malakas ang ulan. Mag-ingat sa baha o pagguho sa tabi ng ilog.

☐ Kung maging delikado ang sitwasyon, pumunta kayo sa emergency shelter

●Pagsingaw ng Gas

☐ Ang pagsingaw ng gas ay nagiging sanhi ng pagsabog at sunog.

☐ Kung nangangamoy ang gas, isara ang main valve at buksan ang mga bintana. Huwag na huwag ninyong gagamitin ang bentilador. Kung minsan , ang switch ng koryente ay pinagmumulan ng sunog at pagsabog.

☐ Tawagan ang Sasayama City Gas Company（☎079-552-2210）o kaya ang kompanya ng propane gas.

●Pagtulo ng Tubig

☐ Kung masyadong malamig sa winter, maaaring magyelo at sumabog ang tubo ng tubig.

☐ Kapag tumulo ang tubig, isara ang plug na nasa loob ng kahon ng metro.

☐ Kung kayo ay nakatira sa apartment o paupahang bahay, ipagbigay-alam ninyo ito sa may-ari o tagapamahala; kung sarili ninyong bahay, tawagan ang kompanya ng tubig.

☐ Kung hindi ninyo alam ang dapat gawin, maaari kayong tumawag sa Waterworks Department（☎079-552-5093）o kaya sa Management Planning Department (☎078-522-5094).

●Mga Bagay na Kailangan sa Panahon ng Emergency

☐ Maghanda at ilagay sa bayong ang mga kailangang supply na kasya para sa tatlong araw.

☐ Gumawa ng listahan ng supply kasama ang bilang at petsa; siyasatin ang expiration date ng mga pagkain at Palitan ang mga luma na

Ilawan: flashlight (kung maaari, isa bawat tao), baterya, kandila, layter at iba pa.

First Aid/Panlinis : disinfectant, gamot para sa sugat at iba pang uri ng gamot, band-aid, benda, pasador, tissue paper, sabon at iba pa.

Portable na Radyo (may FM) , ekstrang baterya

Iba pang Kasangkapan : abrelata, tribuson o pambukas ng bote, kutsilyo, disposable chopsticks, papel na plato at tasa, plastik na bayong, lubid, mga gamit panulat, at iba pa.

Damit : panloob, sweater, jacket, tuwalya, guwantes, damit pang-tagulan, at iba pa.

Pagkain : Ihanda ang mga lalagyan ng tubig at styrofoam na lalagyan. Gawing basehan ang tatlong litro bawat tao sa isang araw. Maghanda ng delatang pagkain, tuyong tinapay, instant na pagkain at gatas kung may sanggol sa pamilya.

＊ **Isulat natin ang mga importanteng numero ng telepono sa『Emergency Phone Numbers directory』!**

＊ **Malalaman natin ang oras at iba pang impormasyon ukol sa ulan at bagyo mula sa weather forecast kaya tayo ay makakapaghanda ukol dito.**

Sa panahon ng bagyo, lindol, baha at iba pang sakuna, ang mga paaralang elementarya at pampublikong gusali ay nagiging emergency shelter. Siguraduhing alam ng lahat ng miyembro ng inyong pamilya kung nasaan ito. Kapag may emergency evacuation, huwag kalimutang dalhin ang inyong pasaporte, alien registration card at mga iba pang importanteng bagay.

Electricity（Kansai Electric Co., Inc., Sanda Business Office） **0800-777-8047**（with charge）
Telephone（NTTWestern Japan） **113** Disaster Information dial **171**
Water Supply（Sasayama City Office） **552-5094**（with charge）